Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BLG. 131-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANGLUNSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PAMUNUAN NG MGA TELECOMMUNICATION COMPANY GAYA NG SMART, GLOBE, PLDT, DIGITEL, BAYANTEL AT IBA PA NA MAISASAAYOS ANG KANILANG KABLE SA LUNGSOD NG MALOLOS LALO'T HIGIT SA KAHABAAN NG PASEO DEL CONGRESO AT MATANGGAL O' MAPALITAN ANG MGA HINDI NA GINAGAMIT AT MGA LUMANG POSTE NITO, GAYUNDIN ANG MGA MANHOLE NA NAPAG-IWANAN NA NG KALSADA.

Akda ni: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
Kamay-akda: IGG. EMMNAUEL R. SACAY AT IGG. EDGARDO DOMINGO

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagpapanatili ng kaligtasan at kaayusan ng Lungsod;

SAPAGKAT, patuloy na pinalalakas ng Pamahalaan ang industriya ng lokal na turismo sa pamamagitan ng pagpapaganda ng mga tourist spot na matatagpuan sa Lungsod ng Malolos gaya ng kahabaan ng Paseo Del Congreso, Barasoain Church, Casa Real at iba pa;

SAPAGKAT, lubhang mapanganib ang mga kableng nakalaylay sa kalsada at sa daang-tao, gayundin ang mga kable na matagal nang hindi nakalinya na pagmamay-ari ng Smart, Globe, PLDT, Digitel, Bayantel at iba pang kauri nito na matatagpuan sa Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, may mga poste ng mga nasabing telecommunication company na sadyang may katagalan na at marupok dala ng mahabang panahong pagtindig nito na nagbabadya ng panganib lalo na sa panahon ng kalamidad, kung kaya't marapat lamang na ito ay mapalitan at matanggal ang mga posteng hindi na pinapakinabangan pa;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay may peligrong dala ang manhole na matatagpuan sa Fausta Road, kung kaya't mahalagang ito ay kagyat na maaksyunan at maisaayos;

Kung kaya't sa kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista, na sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo, ay

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na magalang na humihiling sa butihing pamunuan ng mga Telecommunication Company na maisaayos ang kable nito, mapalitan ang mga lumang poste, gayundin ang pagtatanggal ng mga posteng hindi na nagagamit pa.

IPINASIYA PA DIN, na makapagbigay ng ulat ang mga nabanggit na entidad ukol sa kanilang ginawang aksyon hinggil dito;

IPINASIYA PA DIN, na inaatasan ang Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod na magsagawa ng koordinasyon sa mga entidad na nabanggit.

PINAGTIBAY.

****KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*082319